

Paggawa ng Desisyon para sa PSPS

TAGAPAGSALAYSAY: Determinado ang PG&E na panatilihin ang ligtas ang aming mga kostumer mula sa mga sunog at bawasan ang epekto ng mga kaganapan sa pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko. Ang malalakas na hangin ay maaaring maging sanhi ng pagdikit ng mga sanga ng puno at mga pira-pirasong bagay sa mga kawad ng kuryente, makapinsala sa aming kagamitan, at magsanhi ng sunog. Bilang resulta, maaaring kailanganin naming patayin ang kuryente sa kaganapan ng mga matinding lagay ng panahon upang makatulong sa pagpigil ng mga sunog. Hindi magbabakasakali ang PG&E sa kaligtasan ng kostumer. Ang nag-iisang pokus ng pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko (Public Safety Power Shutoff) ay ang panatilihin ang ligtas ang aming mga kostumer. Kaya paano nagpapasya ang PG&E kung kailan kailangang patayin ang kuryente para sa kaligtasan? Ang PG&E ay may pangkat ng mga meteorologist at mga eksperto sa kaligtasan sa sunog na patuloy na sumusubaybay sa mga kondisyon ng panahon sa buong lugar na aming sineserbisyuhan. Sinisimulan namin ang mga kaganapan ng pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan (Public Safety Power Shutoff) kapag napakalubha ang taya ng lagay ng panahon na maaaring nasa panganib ng mga sunog ang kaligtasan, buhay, tahanan at negosyo ng mga tao. Natatangi ang bawat sitwasyon sa lagay ng panahon, kaya maingat naming sinusuri ang kumbinasyon ng mga dahilan kapag nagpapasya kung dapat bang patayin ang kuryente. Ang mga dahilang ito ay kinabibilangan ng mga mababang antas ng kahalumigmigan, sa pangkalahatan ay 30% at mas mababa; pagtataya ng malalakas na hangin, lalo na ang matatagal na hangin na higit sa 19 milya bawat oras at mga pagbugso ng hangin na higit sa 30 hanggang 40 milya bawat oras; kundisyon ng tuyong materyales sa lupa at mababang moisture content ng mga halaman; babala na pulang bandila na idineklara ng Pambansang Serbisyo sa Lagay ng Panahon (National Weather Service); mga real-time na obserbasyon mula sa aming Sentro ng Operasyon sa Kaligtasan sa Sunog (Wildfire Safety Operation Center); at mga tauhan ng PG&E na nagtatrabaho sa buong sineserbisyuhang teritoryo. Isinasaalang-alang din ng aming proseso sa paggawa ng desisyon ang pagkakaroon ng mga punong sapat ang taas upang matamaan ang mga linya ng kuryente kapag tinutukoy kung kinakailangan ang kaganapan ng pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko (Public Safety Power Shutoff).

Tinitingnan namin kung saan namin maaaring kailanganin na isagawa ang PSPS kung mayroong sabayan o kumbinasyon ng mga malakas na hangin na maaaring magdulot ng aktibidad ng pagkawala ng kuryente at isang napakataas o matinding index ng potensyal na sunog. Ito ay kumbinasyon ng pinsala sa aming imprastruktura pati na rin ang posibilidad na magkaroon ng malalaking sunog.

TAGAPAGSALAYSAY: Ang hanay ng mga pamantayang ito ay isang unang hakbang na maaaring humantong sa karagdagang pagsusuri mula sa aming pangkat ng meteorology at mga pangkat ng tagubilin kung may insidente upang matukoy kung kinakailangan ang kaganapan ng pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko (Public Safety Power Shutoff). Lagi naming gagawin ang lahat ng aming makakaya upang maibahagi ang aming nalalaman tungkol sa lagay ng panahon sa lalong madaling panahon upang ang mga kostumer ay magkaroon ng impormasyong kailangan nila upang makapagplano para sa pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko, habang iniisip na ang mga kondisyon ng panahon ay maaaring hindi sigurado. Ang aming layunin, sa tuwing papayagan ng pagtataya ay ang magpadala ng mga abiso sa kostumer dalawang araw bago, isang araw bago, at bago patayin ang kuryente. Ang mga abiso ay ipinapadala sa pamamagitan ng telepono, email, at text tungkol sa kung kailan papatayin at muli ibabalik ang kuryente. Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga lugar at address na apektado at mga oras ng pagpapanumbalik sa pamamagitan ng awtomatikong tawag, email, at text. Ang mga walang hawak na account ay maaaring mag-sign up para sa mga alerto sa address at maabisuhan tungkol sa isang potensyal na kaganapan sa pagpatay ng kuryente para sa

pampublikong kaligtasan sa anumang adres na mahalaga sa kanila. Ang mga kostumer na naka-enroll sa aming programa na medikal na baseline (Medical Baseline Program) ay makakatanggap ng mga karagdagang abiso, kabilang ang mga tawag sa telepono o pagkatok bago ang isang kaganapan ng pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko. Nagpo-post din kami ng mga update sa aming website, pge.com, at social media at ibinabahagi ang mga ito sa lokal na balita. Aabisuhan ang mga kostumer nang hindi bababa sa isang beses sa isang araw hanggang sa maibalik ang kanilang kuryente.

Para sa pangkat ng kostumer, talagang umaabot ito sa, kung saan ang saklaw? At ano ang ibig sabihin nito para sa mga kostumer na nakaugnayan namin o hindi pa namin nakakaugnayan? Kailangan naming maibahagi sa kanila kung ano ang magiging epekto, kung ano ang magiging tagal, at kung paano at ano ang magagawa nila para mabawasan ang epektong iyon.

TAGAPAGSALAYSAY: Matapos lumipas ang masamang lagay ng panahon, maglalabas ang PG&E ng kung maayos na ang lahat para masimulan ang proseso ng ligtas na pagpapanumbalik ng kuryente.

Ang una naming ginagawa kapag nakuha na namin ang maayos na ang lahat, naiposisyon na namin ang aming mga empleyado sa tamang kalagyan. Mailalagay na namin ang aming mga kagamitan na panghimpapawid, ang aming mga helicopter, na nakaposisyon nang naaayon. At kapag nakuha na namin na maayos ang lahat, ang parehong chain of command ay aabot hanggang sa baba, at sinisimulan namin ang aming proseso sa pagpatrolya at pagpapanumbalik ng kuryente. Kapag nasa labas ang aming mga empleyado na nagpapatrolya, kinakailangan din nilang idokumento ang mga nasirang lokasyon na nalaman nilang hindi namin malalaman o maaaring mangyari kung ang sistema ay nananatiling may kuryente.

TAGAPAGSALAYSAY: Kasama sa mga hakbang sa pagpapanumbalik ng kuryente ang kung maayos na ang lahat, pagpatrolya, pagkumpuni, pagpapanumbalik ng kuryente, at pagkatapos ay abisuhan ang mga kostumer na naibalik na ang kuryente. Walang nag-iisang solusyon sa pagbawas ng panganib ng mga sunog. Alam natin na nakakagambala sa buhay ang pagkawala ng kuryente. Iyon ang dahilan kung bakit patuloy kaming nakikinig sa aming mga kostumer at patuloy na tumutukoy ng mga paraan upang mabawasan ang epekto ng mga kaganapan sa pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko nang hindi nakokompromiso ang kaligtasan. Para sa pinakabago sa mga pagsisikap ng PG&E sa kaligtasan mula sa sunog at ang mga paraan na pagpapahusay sa mga pagpatay ng kuryente para sa kaligtasan ng publiko (Public Safety Power Shutoffs), bisitahin ang pge.com/psps.